



Ang pananatili sa bahay at pag-iwas sa iba kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19 o positibo ang pagsusuri ay ang pinakamahusay na paraan upang mapanatiling ligtas ang iba.

Ngayon, ikaw ay legal na inaatasang ihiwalay ang iyong sarili gaya ng nakabalangkas sa ibaba:

+ Ganap na nabakunahan (2 dosis o 1 dosis Janssen):
ihiwalay ang sarili sa loob ng 5 araw mula sa pagsisimula ng mga sintomas o hanggang sa malutas ang mga ito, alinman ang mas mahaba, kung ang mga sintomas ay walang kaugnayan sa isang umiiral nang sakit o kondisyon sa kalusugan. Sa loob ng 5 araw kasunod ng paghihiwalay, magsuot ng mask sa lahat ng oras kapag nasa paligid ka ng iba sa labas ng bahay.

+ Hindi ganap na nabakunahan (1 dosis o mas kaunti):
ihiwalay sa loob ng 10 araw mula sa pagsisimula ng mga sintomas o hanggang sa malutas ang mga ito, alinman ang mas mahaba, kung ang mga sintomas ay walang kaugnayan sa isang dati nang umiiral na sakit o kondisyon ng kalusugan.

+ Kung negatibo ang pagsusuri mo at may mga sintomas, dapat ka pa ring manatili sa bahay at malayo sa iba hanggang sa malutas ang mga sintomas.

Matuto pa: <https://www.alberta.ca/isolation.aspx>